

# Pagpigil sa Panlilinlang



## BAGONG IMMIGRATION LAW? WALA PA!

*Walang bagong immigration program.* Hindi ipapangako sa iyo ng mga tapat na abogado ang mga legal na resulta o magbibigay ng tulong upang makuha mo ang immigration benefits na wala pa. Hindi sila maniningil hanggang wala pang bagong immigration law. Ikonsulta ito sa pinagtitiwalaang abogado sa immigration upang matiyak kung aplikable ang sumusunod o iba pang programa para sa iyo:

**DACA:** Maaaring maging kalipikado ang mga nagtungo sa Estados Unidos nang mga bata pa. Upang matuto pa, bisitahin ang: [unitedwedream.org/daca/isa-back](http://unitedwedream.org/daca/isa-back) O [ilrc.org/daca-demystified](http://ilrc.org/daca-demystified)

**TEMPORARY PROTECTED STATUS (TPS):** Mga indibidwal na mula sa tiyak na mga bansa, maaaring maging kalipikado ang mga mula sa Venezuela, Syria, Burma, at Haiti. Bisitahin ang: [ilrc.org/tps-venezuela-overview](http://ilrc.org/tps-venezuela-overview) O [uscis.gov/humanitarian/temporary-protected-status](http://uscis.gov/humanitarian/temporary-protected-status).

**LIBERIAN REFUGEE IMMIGRATION FAIRNESS (LRIF):** Maaaring makakuha ng green card ang elihibleng mga Liberian. Para sa dagdag na impormasyon, bisitahin ang: [undocublack.org/lrifresources](http://undocublack.org/lrifresources)

### KUKUHA BA AKO NG LEGAL NA TULONG?

- ✓ Maghanap ng mapagtitiwalaang tagapayong legal malapit sa iyo: [bit.ly/ianimmhelp](http://bit.ly/ianimmhelp)  
**MAHALAGA:** Iwasan ang mga notaryo o immigration consultant. Hindi sila makapagbibigay ng legal na serbisyo.
- ✓ Kung makikipagkita sa isang abogado, hingan sila ng kanilang state bar documents.
- ✓ Maaaring makikipagkita sa iba pang legal advocates at saka na magpasiya. Maaaring hindi makipagkasundo sa unang taong kinonsulta.
- ✓ Huwag lumagda sa anumang hindi nauunawaan.
- ✓ Humingi ng nakasulat na kasunduan hinggil sa tiyak na gawain ng legal representative at kung magkano ang kaniyang serbisyo.
- ✓ Magtago ng orihinal na kopya ng lahat ng ibinigay sa iyong legal representative.

### PAANO KO POPROTEKTAHAN ANG SARILI?

#### Huwag kumuha ng serbisyo ng sinumang:

- ✗ Mangangako ng kasiya-siyang resulta o work permit.
- ✗ Hindi magbibigay ng nakasulat na kasunduan.
- ✗ Sinusubukang maningil para sa blangkong immigration forms, na available nang libre dito: [uscis.gov/forms/all-forms](http://uscis.gov/forms/all-forms)
- ✗ Sinusubukang maningil upang “maisama ka sa waiting list” para sa isang bagong immigration law. Walang waiting list!
- ✗ Ipinahahayag na may espesyal silang kontak sa pamahalaan.
- ✗ Nagpapanggap na kalipikadong abogado ngunit hindi nagpapakita ng katibayan.
- ✗ Nangingil ng bayad nang hindi ginagawa ang ipinangakong serbisyo.
- ✗ Hinihiling sa iyong magsinungaling sa anumang pormularyo o lumagda sa isang blangkong dokumento.
- ✗ Kung ginawa mo ito, maaaring hindi mo makuha ang aprobasyon sa iyong immigration application at maaaring maharap sa kasong kriminal. Itinago ang iyong orihinal na mga dokumento o sinisingil ka ng bayad upang maibalik ang mga ito.
- ✗ Tumatangging sagutin ang iyong mga tanong o hindi ipinaliliwanag ang proseso.
- ✗ Hindi ka pinahihintulutanng tamasahin ang iyong mga karapatan.